Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pang-angkop

Panuto: Ikahon ang lahat ng pang-angkop sa bawat pangungusap.

1. Ang Bukidnon ay bahagi ng Hilagang Mindanao.
2. Responsabilidad natin lahat ang itaguyod ang mga patakarang makatarungan.
3. Dahil sa mainit na panahon, lumangoy sila sa dagat.
4. Ano ang bansang sinilangan ng panauhin natin?
5. Mabenta ang mga malamig na inumin tuwing tag-init.
6. Ipinaglalaban ng iba't-ibang sektor ng lipunan ang mga karapatang pambata.
7. Ang masunuring bata ay pinupuri ng mga kapamilya niya.
8. Si Fatima ay ang mag-aaral na masipag at magalang.
9. Ano ang pangunahing dahilan ng paglakbay ni Ferdinand Magellan?
10. Kailangan ko ng epektibong gamot para sa sakit ng ulo.
11. Ang Pilipinas, Malaysia, at Thailand ay mga bansa sa Timog-Silangang Asya.
12. Binigyan namin ng masarap na pagkain ang payat na aso.
13. Ang kopya ng mahalagang talumpati ng pangulo ay nasa loob ng puting sobre.
14. Si Manny Pacquiao ay isa sa mga pinakatanyag na manlalaro sa buong mundo.
15. Ang munting paruparo ay lumilipad sa ibabaw ng mga makukulay na bulaklak.
16. Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay naganap mula 1914 hanggang 1918.
17. Ang mga mababangis na hayop ay nasa loob ng mga metal na kulangan.
18. Ang mga magigiting na bumbero ay tumungo sa pinanggalingan ng maitim na usok.
19. Si Jose Garcia Villa ay isang kilalang makata, manunulat ng mga maikling kuwento, at pintor.
20. Dapat magtulungan ang mga mamamayang Pilipino upang mabawasan ang mga suliraning panlipunan.